

PAGKALKULA NG BENEPISYO SA PAGWAWAKAS NG SERBISYO O END OF SERVICE BENEFIT (EOSB)

Ang pagkalkula ng benepisyo sa pagwawakas ng serbisyo (**EOSB**) ay isang pangunahing isyu sa trabaho para sa mga empleyado at employer sa buong UAE, kasama ang aming mga miyembrong kumpanya. Inihanda ng DMCC ang sumusunod na mga halimbawa ng kalkulasyon para sa iyong gabay sa kaganapan ng pagwawakas ng isang limitadong termino ng kontrata sa trabaho. Habang ang mga halimbawa sa ibaba ay batay sa mga probisyon ng Federal na Batas Blg. 33 ng 2021 (ang **Batas sa Paggawa ng UAE**), walang opisyal na kinikilalang pormula para sa pagkalkula ng makukuha mula sa EOSB; dahil dito, ang mga ito ay interpretasyon ng DMCC sa naaangkop na batas. Sakaling magkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng isang empleyado at ng employer, ang forum sa pagresolba ng hindi pagkakaunawaan gaya ng Korte ng Paggawa ay maaaring magbigay ng ibang kahulugan kaugnay na mga probisyon. Iminumungkahi namin na humingi ang mga miyembrong kumpanya ng independiyenteng legal na payo kaugnay ng anumang partikular na mga tanong na maaaring mayroon sila kaugnay ng gabay na ibinigay sa ibaba.

Alam ng DMCC ang mga pagkakataon kung saan isinasaalang-alang ng mga hukuman ang komisyon at mga bonus sa ilang partikular na kaso kapag tinatasa ang makukuha sa EOSB. Maaaring mag-iba ang partikular na mga pangyayari at hindi makapagbigay ng payo ang DMCC tungkol dito.

MGA SERBISYONG PAMAMAGITAN SA TRABAHO NG DMCC

Nag-aalok ang DMCC ng mga serbisyong pamamagitan sa mga miyembrong kumpanya at sa kanilang mga empleyado kaugnay ng kanilang mga usapin sa trabaho. Ang mga sinanay na opisyal at tagapamagitan ng DMCC ay handang tumulong ayon sa appointment upang mamagitan sa mga alitan ng employer/empleyado na hindi nagawang lutasin sa loob.

Ang pamamagitan ay isang kumpidensyal na proseso kung saan ginagabayan ng walang kinikilingang ikatlong partido ang mga talakayan sa pagkakasundo ngunit hindi nagbibigay ng paghatol tungkol sa anumang usapin ng alitan. Ang isang tagapamagitan ay nagdaraos ng mga pulong, tumutukoy sa mga usapin, nagpapahupa ng mga emosyon, at nagmumungkahi ng mga posibleng paraan upang malutas ang alitan. Ito ay isang prosesong hindi nagtatali sa mga partido at ang layunin ay para maabot ng mga partido ang isang kasunduang nang may pinalidad. Tutulungan ng tagapamagitan ang mga partido na maabot ang kanilang sariling pinag-usapang kasunduan.

Paki-klik [dito](#) upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong pamamagitan sa trabaho ng DMCC.

Pasubali: *Ang impormasyon at materyales na ibinigay sa dokumentong ito ay para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon at patnubay at hindi naglalayong bumuo ng legal o iba pang propesyonal na payong dapat sandigan. Kung kailangan mo ng legal na payo kaugnay ng anumang usapin sa trabaho, inirerekomenda ng DMCC na kumuha ka ng espesyalista at independiyenteng legal na payo. Bagama't gumagawa ang DMCC ng makatwirang mga pagsisikap na mabago ang lahat ng impormasyon sa website nito, wala kaming ginagawang representasyon, warranty o garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig na ang impormasyon at nilalaman ay tama, kumpleto at napapanahon.*

PORMULA NG KALKULASYON

Ang pangunahing (basic) pormula para sa pagkalkula ng EOSB para sa isang full time na empleyado ay ang mga sumusunod:

- 21 araw na pangunahing (basic) sahod bawat taon ng serbisyo para sa unang 5 taong serbisyo; at
- 30 araw na pangunahing (basic) sahod bawat taon ng serbisyo pagkatapos noon.

Nalalapat na ngayon ang pangunahing pormula na ito anuman ang mga kalagayan ng paglabas ng empleyado (kabilang ang kung saan ang isang empleyado ay nagbitiw at/o winakasan sa ilalim ng Artikulo 44 ng UAE Labor Law).

Para sa mga empleyadong hindi nagtatrabaho nang full time (hal. part time o job share) isang alternatibong pormula ang nalalapat:

- Ang EOSB ay dapat kalkulihin gamit ang pangunahing formula na itinakda sa itaas. Lumilikha ito ng "Full Time EOSB" pigura.
- Ang bilang ng taunang oras ng pagtatrabaho tulad ng tinukoy sa kontrata ng empleyado ay dapat na hatiin sa bilang ng taunang oras ng pagtatrabaho sa isang full time na kontrata x 100. Ito ay magbubunga ng ratio (ang "Ratio").
- Ang Buong Oras na EOSB ay dapat na i-multiply sa Ratio upang makagawa ng EOSB entitlement.

MGA DAPAT TANDAAN

Ang sumusunod na mga pagpapalagay ay naaangkop sa mga kalkulasyon ng EOSB sa sumusunod na mga pahina:

- Ang lahat ng ipinapakitang numero ay nasa AED.
- Sa mga halimbawa sa ibaba, ang huling batayang sahod ng empleyado ay AED 10,000/- bawat buwan.
- Upang maging karapat-dapat sa EOSB, ang isang empleyado ay dapat na nakaipon ng kahit 12 buwang serbisyo sa petsa ng pagwawakas ng kontrata sa trabaho.
- Ang EOSB ng isang empleyado ay dapat na prorated para sa bahaging taon na nagtrabaho.
- Ang kabuuang gratuity ay hindi lalampas sa dalawang taong kabuuang sahod.
- Ang mga panahon ng walang bayad na pagliban ay hindi kasama kapag kinukuwenta ang panahon ng serbisyo ng isang empleyado.

HALIMBAWA NG KALKULASYON – FULL TIME NA EMPLEYADO



Panahon ng Pagtrabaho	A - Huling Batayang Arawang Sahod	E - Benepisyo sa Taunang Pagtatapos ng Serbisyo o Annual End Of Service Benefit	X - Pinal na Halaga
	B - Batayang buwanang suweldo <i>pinarami ng</i> C - Mga buwan sa taon <i>hinati ng</i> D - Mga araw sa taon	F - Mga araw na dapat bayaran <i>pinarami ng</i> A – Huling batayang arawang suweldo	E - AEOSB <i>pinarami ng</i> Z - Panahong ipinagtrabaho
	$A = [B]*[C]/[D]$	$E = [F]*[A]$	$X = [E]*[Z]$
Mahigit sa 1 taon pero wala pang 5 taon (hal. 4 na taon + 3 buwan o 4.25 taon)	$= [10,000]*[12]/[365]$ $= 328.77$	$= [21]*[328.77]$ $= 6,904.17$	$= [6904.17]*[4.25]$ $= 29,342.72$
Higit sa 5 taon (hal. 7 taon)	$= [10,000]*[12]/[365]$ $= 328.77$	$= [21]*[328.77]$ $= 6,904.17$	$= [6,904.17]*[5]$ $= 34,520.85$ <i>plus</i>
		$= [30]*[328.77]$ $= 9,863.10$	$= [9,863.10]*[2]$ $= 19,726.20$
			$= 54,247.05$



HALIMBAWA NG KALKULASYON – PART TIME NA EMPLEYADO

Kung ang empleyado ay nagtatrabaho nang mas maikling oras sa full time, ang kalkulasyon ay kailangang ayusin bilang mga sumusunod.

Ipinapalagay namin na:

- Ang Full Time EOSB ng empleyado ay magiging 54,247.05.
- Ang mga full time na empleyado ay nagtatrabaho ng 10,400 oras bawat taon.
- Ang empleyadong ito ay nagtatrabaho ng 7,800 oras bawat taon.

$$7,800 / 10,400 \times 100 = 75$$

$$54,247.05 \times 75\% = 40,685.29$$



Kontakin kami para sa karagdagang impormasyon:

Free Zone ng DMCC

<http://www.dmcc.ae/helpcentre>

[W dmcc.ae](http://www.dmcc.ae)

Pasubali: *Ang impormasyon at materyales na ibinigay sa dokumentong ito ay para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon at patnubay at hindi naglalayong bumuo ng legal o iba pang propesyonal na payong dapat sandigan. Kung kailangan mo ng legal na payo kaugnay ng anumang usapin sa trabaho, inirerekomenda ng DMCC na kumuha ka ng espesyalista at independiyenteng legal na payo. Bagama't gumagawa ang DMCC ng makatwirang mga pagsisikap na mabago ang lahat ng impormasyon sa website nito, wala kaming ginagawang representasyon, warranty o garantiya, ipinahayag man o ipinahiwatig na ang impormasyon at nilalaman ay tama, kumpleto at napapanahon.*